

CHAPTER *One*

Ipinanganak si Nicola na Katoliko pero nang magdisisais ay may nakilala ang kanyang amang si Diosdado Matalim na isang Amerikanong hippie sa mini-concert ng *Beach Boys* sa Malate, Manila. Brother Moses ang pangalan nito at isang pastor ng *Jesus, the Warrior Star*, isang neo-Christian denomination galing Texas, USA na naniniwalang si Hesu-Kristo ay isang sundalo na nakikipaglaban sa mga kampon ng dilim.

Naengganyo ni Brother Moses ang ama niya na magpalit ng relihiyon at simula noon ay nag-iba na rin ang buhay nina Nicola. Hindi na pinagupit ang kanyang buhok at naging mahigpit na ang kanyang mga magulang sa kanyang pananamit. Ginugol din

nila ang kanilang mga oras sa paghahanap ng mga magiging bagong miyembro. Pagkatapos ng limang taon ay lumaki na rin ang kanilang simbahan sa isang libong miyembro at dalawa na ang pastor—ang kanyang ama at si Pastora Imelda.

“Dalian n’yo! Parang mga pagong! Baka nandoon na ang iba!” singhal ni Pastor Diosdado sa kanilang mag-ina. Malaki ang boses nito at matalim din ang mga salita kaya palaging natataranta si Nicola kapag tumaas na ang boses nito.

Dahil sa hindi makapaghintay ay nauna na ang pastor. Nahihirapan namang gumalaw ang kanyang ina dahil sa sugat sa paa dulot ng diabetes. Nai-stress nga palagi ang tatay niya dahil sa gastusan para sa karamdaman nito. May kapatid siyang bunso at autistic ito. Ito ang naiwan palagi para magbantay ng kanilang bahay.

Sasabay sana siya sa ina papunta sa kanilang kapilya nang makatanggap ng text sa amo niyang si Bb. Cua na puwede na niyang kunin ang kanyang suweldo. Dumaan na lang siya sa kanilang maliit na opisina bago dumiretso ng kapilya. Dahil may pera na, plano niyang mag-absent muna ngayon para makapagpatingin sa doktor. Noong isang araw kasi ay masakit na naman ang kanyang ulo.

Pinara niya ang jeep nang nasa harap na siya ng kanilang kapilya at hindi pa siya nakababa nang may narinig na siyang sigawan mula sa loob. Matataas talaga ang mga emosyon ng mga naroon. Natakot naman siya dahil baka kung ano na iyon. Dali-dali siyang pumunta ng entrance at sinilip kung ano ang nangyayaring gulo.

Nandoon ang ministro nilang si Imelda Soya, ang anak nitong si Isaac, at ang kaibigan niyang si Diday. Nasa loob din ang kanyang ama para umawat. Sa kabilang banda naman ay ang eleganteng ginang na si Ma'am Soliven at ang anak nitong binatang negosyante. Alam niyang Brad ang pangalan ng huli dahil bumibisita ito sa ama ni Isaac noong buhay pa ito. Magkapatid sa ama sina Brad at Isaac, at si Ma'am Soliven ang tunay na asawa ng tatay nila.

“Ma, let our lawyers settle this!” sabi ng negosyante sa ina. Katulad din ito ni Isaac na matangkad, mas tisoy nga lang at mas malakas ang dating. Siguro dahil mayaman kaya mas may kompyansa sa sarili kumpara sa half-brother nito na mahiyain. Malayo na rin ang agwat ng edad ng dalawa dahil palapit na si Brad ng thirty habang kaedad ni Nicola si Isaac na twenty-one.

“Hindi!” sigaw ni Mrs. Soliven. “Gusto ko na ang

kabit mismo ang makakarinig ng mga sasabihin ko. I want her to leave this place. Wala siyang karapatan sa lupang 'to! This chapel isn't supposed to be here in the first place!"

"Hoy! Ano'ng pinapalabas mong nang-agaw ako ng asawa?" sagot ni Pastora Imelda. "Wala na kayo ni Rolly nung nagkakilala kami. May karapatan ang anak kong si Isaac sa lupa na 'to dahil anak din siya!"

"Kami lang na legal ang may karapatan dito!" patuloy ni Ma'am Soliven.

"Ma, stop this!" Galit na galit na ang negosyanteng pumapagitna sa away. Natahimik naman bigla ang ginang. Ang ibang nakatingin ay napaatras. Sa inis nito, kinaladkad na nito ang ina palabas ng kapilya.

Napaatras siya sa takot na masinghalan din siya ng lalaki kung paharang-harang siya sa daan. Ang suplado pa naman ni Brad Soliven, hindi palakaibigan at mukhang matapobre rin tulad ng ina nito.

Pinakalma naman ng ama niya si Pastora Imelda dahil hindi ito matapus-tapos sa pagmumura. Si Isaac ay tahimik lang sa gilid. Hindi rin nito alam kung paano kontrolin ang ina.

Lumapit naman siya kay Diday para humingi ng pabor. "Oy, samahan mo naman ako sa ospital.

Magpapa-check up sana ako,” aya niya sa kaibigan.

“Di ba may practice tayo ngayon? Siguradong pagsasabihan na naman tayo ni Pastora kapag hindi tayo handa this coming Saturday. Maraming bisitang darating, di ba?”

“Importante kasi ’tong gagawin ko.”

“Next time na lang. Practice muna tayo ngayon ng mga tutugtugin natin.”

Hindi na siya nakapagsalita. Tumalikod na kasi si Diday para kunin ang mga music sheets sa aparador.

Lumabas na lang si Nicola ng kapilya at sumakay ng jeep. Pagdating sa ospital ay dumiretso siya sa Room 312 at naghintay ng isang oras bago pinapasok sa loob ng klinika ni Dra. Suarez.

“I want you to have an ultrasound para malaman natin ang sanhi ng sakit ng ulo na ’yan. Medyo pricy but at least alam natin kung ano ang nasa loob at matukoy ko ang dahilan ng pananakit ng ulo mo,” sabi ng doktor sabay bigay ng diagnostic request.

“Salamat, doktora,” sagot niya bago nagpaalam.

Dumiretso na si Nicola sa laboratory para pumila dahil may dala naman siyang perang inipon. Pagdating doon ay may naghihintay na limang pasyente sa waiting area. Parang sobrang busy at

nagka-cramming ang mga empleyado dahil may annual department grading daw na mangyayari nang araw na iyon. Marami silang tsini-check na mga files. Ewan kung ano ang mga iyon basta tahimik lang siyang umupo sa tabi ng may-edad na ginang at hinintay rin.

Pumasok siya sa maliit na silid nang tinawag ang kanyang pangalan at ginawa na ng technician ang screening. Pagkatapos ng ilang minuto ay sinabihan siya ng sekretarya na balikan niya ang resulta pagkatapos ng isang linggo dahil masyado raw silang abala sa araw na iyon at hindi nila maaasikaso agad.

Nagpasalamat na lang siya at umuwi. Pagkadating sa kanila ay wala siyang kinuwentuhan ng tungkol sa nangyari. Baka kasi imbes na bigyan siya ng suporta ay mapagsabihan pa siya. Stressed na stressed na ang mga magulang sa sakit na diabetes. Ayaw niyang dagdagan pa ang alalahanin ng mga ito.

Hindi na niya kinuwentuhan si Diday dahil hindi naman siya sinamahan. Tahimik lang siyang sumabay sa kanilang mga prayer invitations na ginagawa nila sa iba't ibang lugar at sa mga ensayo ng banda.

Abala nga sila sa kanilang ensayo isang hapon nang may nangyari na namang drama. Dumating

ang isang bulldozer para linisin ang dulo ng lote. Galit na galit na sinigawan ni Pastora Imelda ang mga dumating na piyon. Hindi naman dumating si Ma'am Soliven. Ang anak na lang nitong si Brad ang dumating para tingnan ang paglilinis ng lupa.

“Okay ka lang?” tanong niya sa tahimik na si Isaac. Nakatingin din ito sa labas.

“Okay lang. Ano'ng magagawa natin gayong sila naman talaga ang legal na pamilya?”

Binigyan na lang niya ng tapik ang balikat ng kaibigan para ipakita ang suporta rito. Pagkauwian nga nila ay pumunta sila ni Diday sa harap ng site at doon ay nakakabit sa harap ang tarpaulin na may perspective ng itatayong apartment type na gusali. Hindi siya sigurado kung maabot nito ang kanilang kapilya.

At hindi nila inasahang lalabas si Brad Soliven mula sa kakatayo lang na quarters ng mga manggagawa sa gilid. Kasama nito ang isang magandang tsinitang babae. Siguro engineer o architect dahil may suot na construction helmet at may hawak na blueprint.

“What are you two doing here?” naiinis na tanong ng lalaki.

Hindi naman nila alam kung ano ang isasagot.

“Were you two sent here to spy?” patuloy ni Brad Soliven. Ang inis sa mukha nito ay napalitan ng pagkauyam.

Wala na silang nagawa kundi ang tumakbo pabalik sa kanilang chapel. Ayaw nilang masali sa away-pamilya ng mga ito. Nagkakademandahan na at baka madamay pa sila.



Napatingin si Brad sa dalawang babaeng papatakbo. Siguradong inutusan ni Imelda ang dalawa para mag-espiya sa kanila. Sa totoo lang, naiinis siya sa away na ito. Nakaka-stress!

“Those people in the chapel look like lunatics,” sabi ni Ammerie. “Nakadalo diyan iyong katulong namin. May himatay-himatay portion daw ang mga ’yan at may mga sapi-sapi pa raw ng mga demonyo.”

Hindi na siya nag-react. Demokratikong bansa naman kasi ang Pilipinas. Karapatan ng mga ito na sumamba base sa kung anumang paniniwala nila. Ang kay Brad lang ay dapat hindi ninanakaw ang mga pagmamay-ari nila.

Mayamaya ay nakita niya ang half-brother na si Isaac na lumalabas ng kapilya kasama ng babaeng mahaba ang buhok. Naalala niyang Nicola ang pangalan nito dahil palagi itong kalaro ni Isaac dati.

Ang alam niya ay anak ito ng matangkad at parang bakulaw na ministro na palaging nakaismid, iyong Diosdado ba iyon?

Napatingin ang dalawa sa kanya at binigyan niya ang mga ito ng nakakainsultong tingin. Napayuko lang ang mga ito at dumiretso ng lakad.

Hinatid naman niya si Ammerie sa bahay ng mga ito dahil malapit lang iyon sa pad niya. Nang mga sumunod na araw ay abala silang dalawa sa pag-finalize ng plano ng itatayong gusali. Biyernes lang siya hindi nakabisita sa site dahil busy siya sa negosyo niyang hardware.

Pagdating ng Sabado ay gabi na siya nakabisita para matingnan ang paghuhukay. Nakauwi na ang mga trabahador noon. Lumapit siya sa hukay at tiningnan kung gaano na iyon kalalim. Puwede na.

Lumapit siya sa bandang kapilya para tingnan kung ilang metrong hukayan pa ang kailangan niyang ipagawa pero napatigil siya sa kinakatatayuan nang bumukas ang pinto at lumabas mula roon si Nicola na umiiyak. Pagkasarado nito ng pinto ay napaupo ito sa sahig dahil sa sobrang emosyonal. Madilim sa kinakatayuan niya kaya malamang hindi siya nakita.

Nagsukat siya ng lupa gamit ang mga talampakan lang habang napapatingin sa umiiyak. Mukhang

mabigat ang dinadala dahil sa tahimik na hagulgol nito. Napaupo ba naman sa sahig. Siguro malaki ang problema.

Noon naman nag-vibrate ang cellphone ni Brad. Tiningnan niya iyon at nakitang ang kanyang ina ang tumatawag.

Sunduin mo ako sa bahay ni Tita Guada mo. I'm here with Ammerie. She's so fine a lady. Yayain mo na kasi ng kasal para magkaapo na rin ako?

Iyon ang text ng kanyang ina.

Hindi siya nag-reply dahil kasal ang binanggit nito at wala pa siyang plano tungkol doon. Nagdi-date sila ni Ammerie pero hindi pa siya sigurado kung ito nga ba ang babaeng gusto niyang makasama sa buhay.

Nag-vibrate uli ang cellphone niya. Si Ammerie naman ang nag-text.

Hey, Brad, I'm here with your mom. Punta ka na rito sa party.

Later! textback niya.

Napatingin siya uli sa umiiyak dahil narinig niya ang singhot nito. Kahit iyon ay sobrang lungkot ang tunog. Hindi naman niya ito kakilala kaya hindi na niya nilapitan at tinanong kung ano ba ang problema. Ipinagpatuloy niya ang pagsusukat.



Hilam na si Nicola sa luha niya nang maramdamang parang may nakatingin sa kanyang pag-iyak. Itinaas niya ang paningin at sa dilim ay may naaninag siyang katawan. Sa anino nito ay alam na niyang si Brad Soliven ito. Mabilis niyang pinahid ang luha at sipon saka tumayo. Hindi naman siya makabalik sa loob ng simbahan dahil may mga tao roon at ayaw niyang may makaalam na umiiyak siya.

Kakagaling lang niya sa doctor kanina dala ang kanyang ultrasound result at nagilalas siya sa sinabi nito. May malaking bukol daw siya sa utak at sa banda pa kung saan maraming mga sensitibong ugat. Pinapabalik nga siya para sa dagdag pang mga tests para makompirma at mapag-aralan ang kanyang sitwasyon, pero sa presyo ng mga tests ay nalulula siya. Saan siya kukuha ng pera? Maliit lang ang suweldo niya at kulang pa nga iyon para pang-ambag sa bahay.

Nakakahiya namang may nakakita ng pag-iyak niya. Pumunta na lang siya sa likod ng kapilya para doon ipagpatuloy ang pag-iyak.

Siguro sa ngayon, ang tangi niyang magagawa ay pag-igihan ang trabaho niya. Sa susunod na mga suweldo na lang siya babalik para gawin ang mga

karagdagan tests. Huwag na niyang abalihin ang mga magulang para hindi madagdagan ang mga problema ng mga ito. Siguro sa ngayon ay kailangan niyang magpakatatag.

Naalala niya pa ang bawat salita ng naging usapan nila kanina ng doktora.

“I need to know if it is malignant kaya kailangan ko ng biopsy result,” sabi ng bata pang manggagamot habang itinataas ang resulta.

Sa hilakbot ay napapahid siya ng luha. Sino ba ang hindi manggigilalas kapag nasabihan na may malubhang karamdaman?

Kinuha ng doktora ang prescription pad. *“May painkiller ka pa naman, di ba? I can’t prescribe you anything right now habang hindi ko pa hawak ang ibang tests mo. I know this will be hell in the coming days but I have a list here of the things that I suggest you do.”*

Nagsulat ang doktora sa papel bago inabot sa kanya.

- 1.) *Cut your hair.*
- 2.) *Burn your clothes.*
- 3.) *And live your life.*

Nang matanggap ang prescription paper ay nagpaalam na rin siya, bumalik ng kapilya at heto

nga, lupasay sa kaiiyak. Naisip niyang siguro nga tama ang sinabi ng doktora kanina sa klinika na oras na ring gawin niya ang mga bagay na matagal na niyang gustong gawin. Pinahid niya ang luha at pumunta sa harapan ng kapilya para makasakay ng jeep pauwi.

Pagdating sa kanilang bahay ay napatingin si Nicola sa salamin. Ang hirap maging mahirap sa ganitong sitwasyon. Simpleng lagnat nga lang ay magastos na, ano pa kaya itong tumor? Saan siya magnanakaw ng perang pampagamot? Wala nang isip-isip pa, mabilis niyang kinuha ang gunting sa drawer at matapang na ginupit ang buhok nang hindi umabot sa kanyang balikat. Natakot nga siya nang nakita ang nakakakalat buhok sa sahig, pero anumang oras ay posibleng may mangyaring masama sa kanya kaya dapat mag-enjoy na siya ngayon. Iyon na lang siguro ang magagawa niya para sa sarili.

Kinaumagahan ay bumili siya ng mumurahing pangtina at kinulayan ang buhok kinagabihan. Pinangako niya sa sarili na bago siya mamatay ay magkaka-boyfriend muna siya. Aba, beinte dos na siya pero kahit isang halik ay hindi siya nakatikim.

CHAPTER *Two*

*N*akatingin si Nicola sa salamin. Nang nakaraang gabi, parang hindi naman sobrang tingkad ng kulay ng buhok niya, pero ngayon ay blonde na talaga iyon.

“Nak, tapos ka na? 'Alis na tayo!” tanong ng nanay niya habang binubuksan ang pinto ng kanyang kuwarto.

Mabilis niyang dinampot ang tuwalya para takpan ang buhok pagkatapos ay tumuwad-tuwad na kunwari ay nagpapatuyo niyon. Hindi pa niya alam ang magiging reaksyon ng mga magulang sa ginawa niya.

“Ahh, Nay, mauna na lang po kayo. Susunod na lang po ako.”

“Okay,” anito bago sinarado ang pinto.

Dahil wala nang tao, naligo siya at nagbihis. Sinuot niya ang isang sleeveless blouse na nilabhan niya nang nakaraang gabi at ipinares sa fit na pantalon na niregalo ni Tita Anda sa kanya nang nakaraang Pasko. Tumingin siya sa salamin at nalula sa nakita. Parang ibang tao ang naroon. Namaywang siya at nag-pose na parang sa *Binibining Pilipinas*. Napangiti siya.

Ninenerbiyos sa bago niyang itsura, sumakay siya ng jeep para makapunta sa kanilang kapilya. Wala namang nagbigay ng bagong reaksyon nang pumasok siya sa simbahan.

“Hi, Miss!” bati ni Pastora Imelda. “Magpapa-convert ka ba? Ikukuha kita ng form.”

Hindi naman niya alam ang isasagot.

Ngumiti sa kanya ang pastora bago tumalikod para makakuha ng form sa cabinet.

Dumiretso naman siya sa gilid ng ama na nageensayo ng sermon nito. Nakatayo ito malapit sa divan at kailangan niyang kumuha ng walis para makapaglinis. Siguradong mamaya pa darating ang iba. Maaga talaga sila palagi kapag dumating sa kapilya para sa pagsamba kapag Sabado.

Hindi rin siya nakilala ng ama, pero nang

muling napalingson ay napasigaw ito. “Nicola! Ikaw ba ’yan?” Sa laki ng katawan ng ama ay ganoon din ang kinalaki ng boses nito. Kaya niyong punuin ang buong kapilya kahit walang microphone. Natahimik tuloy ang lahat ng nasa paligid para tingnan kung ano ang rason ng pagsigaw ng kanyang ama.

“Ano ang ibig sabihin n’yan?” tanong nito sabay hila sa buhok niya.

“Aray!” ang tangi niyang nasabi.

“At ano ’yang suot mo!” Dinuro nito ang suot niya. “Hindi ka man lang ba nahiyang magpakita ng kili-kili mo? Hala! Umuwi ka sa bahay at magbihis! Huwag kang magpakitang ganyan dahil baka makalbo kita! Parang hindi ka pormal na babae sa itsura mong ’yan! Uwi!”

Ibinalik na lang niya ang walis sa divan. Imbes na sa pintuan sa harap dumiretso ay sa pintuan siya sa gilid lumabas. Doon siya uli sa sahig umupo at nangalumbaba.

Mayamaya ay may lumapit. Si Isaac.

“Ano’ng nangyari sa ’yo, Nicola? Bakit ganyan ang itsura mo?”

Biglang pumasok sa utak niya na landiin si Isaac. Gusto niyang magka-boyfriend at wala naman siyang masyadong kakilalang lalaki kaya siguro

pagtitiisan na niya ang isang ito. Nakakatakot naman kasing manglandi ng kung sinu-sino at baka putulin lang ang ulo niya o kaya gahasain siya.

“Bakit, Isaac, hindi mo ba gusto ang nakikita mo?” tanong niya sa malanding boses. Binigyan niya ito ng nang-aakit na tingin.

Para naman nakakita ng multo ang kababata. Sa takot ay bumalik ito sa loob ng simbahan.

Napabuntong-hininga na lang siya.

Malalim ang iniisip niya nang biglang umulan. Tumalikod siya para hanapin kung saan galing ang tubig. Maaliwalas ang langit kaya imposibleng may ulan. Nagulat siya nang makita ang sagot sa tanong niya: Si Isaac ay pinapaliguan siya ng holy water.

“Pasensya na talaga, Nicola. May mali talaga sa ’yo ngayong araw. Baka napo-possess ka lang ng demonyo kaya nagkakaganyan ka.”

Wala na siyang nagawa kundi tanggapin na lang ang tilamsik. Halos naubos ni Isaac ang isang bote ng holy water bago bumalik sa loob ng kapilya. Tinuyo na lang niya ang mukha at bumalik sa pagmuni-muni.

Habang nasa kalaliman siya ng pag-iisip ay dumating si Brad Soliven suot ang puting T-shirt, pantalon at *Ray-Ban* sunglass. May kasama itong dalawang trabahador at naglalagay sila ng

palatandaan sa lupa. Abala siya sa katitingin sa ginagawa ng tatlo nang mapagawi sa kinauupuan niya ang tingin ni Brad. Tumingin lang ito nang ilang segundo pero ibinalik din agad ang tingin sa lupa. Ngunit mayamaya ay itinaas uli nito ang mga mata para tumingin sa kanya. Napakunot ang noo ng lalaki, parang kinikilala siya. Sa hiya ay yumuko lang siya.

Tumayo sa gilid ang negosyante para tingnan ang pagsusukat ang mga trabahador.

Ngitian niya kaya ang lalaki kapag mapatingin uli sa kanya? Testing lang. Wala namang mawawala sa kanya kung hindi siya nito suklian ng ngiti.

At napatingin nga uli sa kanya ang lalaki. Binigyan niya ito ng isang maliit na ngiti. Nagilalas siya nang ngitian din siya nito.

OH-EM-GEEE! Binigyan ba talaga siya ng ngiti ng negosyante? Bigla uli siyang kinain ng hiya kaya napayuko. Nakita naman niya sa gilid ng mata na itinaas ng lalaki ang suot na sunglasses at ngumiti ulit sa kanya.

Kailangan ba niyang gantihan iyon? Nahihiya man ay itinaas niya ang mukha at nagbigay rin uli ng ngiti.

Ang sumunod na ngiti ni Brad Soliven ay

malandi na.

“Nicola! Hindi ka pa rin nakakauwi!” anang tatay niya mula sa pintuan. Galit na galit ito.

Para siyang sa palaka na napatalon. Mabilis siyang tumakbo papunta sa kalsada. Delikado at baka bugbugin siya sa harap ng negosyante. Kahiya naman!

Imbes na dumiretso sa kanila ay dumiretso siya ng ukay-ukay at doon tumambay para bumili ng mga seksing damit. May ngumiti sa kanya kanina na guwapo kaya dapat lalo pa siyang magpaganda. Bumili siya ng dalawang sleeveless na tig-beinte lang bago dumiretso sa bahay ng kakilalang si Nek-Nek na nagbebenta ng mga cosmetics. Mura lang ang mga tinda nito at pinapautang pa kaya kumuha siya ng isang lipstick at isang eyebrow liner.

“Ang ganda mo na ngayon, ah! Bagay sa ’yo ’yang kulay ng buhok mo! Lumambot ang dating ng mukha mo!” sabi ni Nek-Nek.

Suwerte pa dahil nakatambay din kina Nek-Nek ang baklang si Siphon. Humiram ito ng tsane kay Nek-Nek at tinuruan siya kung paano maghulma ng kilay. Nang maiayos na nito ang kilay ni Nicola ay nag-iba talaga ang kanyang itsura. Masyado ngang makapal ang kanyang kilay dati.

Inayos din nito ang buhok niya. Mas pinaiksi at nilagyan ng layer para mas bouncy.

Pagkakita ng ama sa kilay niya kinahapunan ay halos ma-heart attack ito sa inis. Hindi na niya ito pinansin dahil masaya siya sa bagong hitsura.

Kinabukasan, habang suot ang isang seksing sleeveless ay doon siya tumambay sa gilid ng kapilya. Pero nasayang nga ang OOTD niya dahil hindi naman dumating si Brad Soliven. Bumalik na lang siya sa loob at ininda ang tingin ng mga kapanalig. Si Diday ay ni ayaw tumabi sa kanya. Eh di huwag!

Pagdating ng uwian ay hindi siya bumuntot sa mga magulang dahil naha-high blood ang kanyang ama sa tuwing makikita ang pagmumukha niya. Pagdating sa bahay ay binungangaan uli siya nito. Hindi na lang niya pinansin dahil sumasakit na naman ang ulo niya. Uminom na lang siya ng painkiller at natulog.

Kinaumagahan paggising niya ay lumilipad na ang mga sandok dahil sa buwisit ng ama sa kanya. Maaga siyang bumangon para makapunta ng trabaho.

“Nicola, pumunta ka ngang *JCR Hardware* sa palengke,” utos sa kanya ni Ma’am Cua, ang boss niya. “I-order mo ’tong sa listahan ko. Medyo

kulang 'tong pera ko. Sabihan mo ang manager na babayaran ko na lang sa Sabado. Kilala ako niyan. Diyan ko in-order lahat ng mga pinagawa sa mga paupahan ko. Ipahatid mo dito pagkatapos.”

Sumakay siya ng tricycle papuntang palengke para gawin ang bilin nito.

Tatlong buwan pa lang naman siyang nagtatrabaho kay Ma'am Cua bilang sekretarya tuwing Monday-Wednesday-Friday. Taga-singil siya ng renta sa paupahan nito at messenger na rin. Maliit lang ang suweldo pero mas maigi na iyon kaysa sa tumunganga sa kanila. Ang hirap kayang maghanap ng trabaho. Graduate naman siya ng Nursing kaso hindi niya naipasa ang board exam sa una niyang take at hindi na siya nag-retake dahil sa trauma. Kapag ganoong napi-pressure siya ay ninenerbyos siya kaya pakiramdam niya ay mababagsak niya uli ang board exam kapag kumuha siya sa ikalawang beses.

Madali namang hanapin ang *JCR Hardware* dahil katabi lang ito ng gasolinahan. Malaki ito. Dalawang paupahan ang nakain ng puwesto at may gabundok ng mga semento sa harap. Lumapit siya sa isang sales boy at nagtanong kung saan ang manager.

Lumapit sa kanya ang nakakalbong lalaki.

“May order po sana si Miss Cua pero sa Sabado

pa niya babayaran. May account po siya sa inyo.”

“Nandito kasi ang may-ari. Tatanungin ko muna kung magpapautang,” sagot ng kausap. Pumasok ito sa isang pintuan at lumabas din agad. “Pasok ka dito, Miss,” sabi nito sabay senyas sa sales boy na papasukin siya.

Pumasok siya sa maliit na silid at napako sa kinakatayuan nang nakita si Brad Soliven na nakaupo sa likod ng mesa. Mukhang hindi rin nito inasahan na makita siya, pero mabilis na nakabawi.

“Umupo ka, Nicola.” Itinuro ng lalaki ang upuan sa harap ng mesa nito. “Ano ba’ng maililingkod ko sa ’yo?”

Umupo muna siya bago nagsalita. “Uutang sana ’yong amo ko. May account naman siya rito sa inyo. Sa Sabado raw niya babayaran.” Medyo nanginginig siya dahil napapatitig sa mukha niya ang negosyante. Pinakuha nga nito ang record ng account ni Ma’am Cua.

“Ano ang gusto mong kainin?” tanong ni Brad.

Umiling siya pero nagpabili pa rin ang lalaki ng merienda. Ipapaayos pa raw nito ang order niya kaya baka matagalan. Ibinalik nito ang atensyon sa kanya.

“Tell me, Nicola, why the sudden change of look?” tanong ng negosyante habang nakatitig sa

kanya. “Parang noong isang araw lang ang haba pang buhok mo, ngayon blonde na.”

Paano ba dapat niya sasagutin ang tanong? Siyempre, hindi naman puwedeng sabihin niyang may seryoso siyang karamdaman. “Trip ko lang.”

“Ah, trip-trip lang pala ang buhay ngayon?” Binigyan siya ni Brad ng nanananyang ngiti.

Hindi naman niya alam ang itutugon.

“Bagay sa ’yo ang buhok mo. You look lovelier. Ang suwerte naman ni Isaac Boy.”

Mabilis niyang itinama ang hinala nito. “Hindi ko siya boyfriend ’noh!”

“Ows? Palagi kayong magkasama.”

“Alam mo namang magkababata kami.”

Hindi na sumagot si Brad dahil dumating na ang pinabili nitong meriendang siopao at softdrinks. Pinilit nga siya nitong kumain. Nahiya naman si Nicola. Na-conscious siyang ibuka ang bibig habang kinakagat ang siopao.

Mabuti na lang at abala sa ginagawa si Brad. May sinusulat ito na orders at doon nakatutok ang atensyon hanggang sa pumasok ang isang sales boy na nagsabing nahanda na raw ang lahat ng order ng dalaga.

Bumuntot si Brad sa kanya nang lumabas siya ng

opisina. Nakibuhay din nga ito sa mga orders niya para mailagay sa truck at pagkatapos ay kinuha ang susi ng truck mula sa tauhan.

“Ihahatid na kita, Nicola. Ituro mo lang ang daan,” anang lalaki habang binubuksan ang pintuan ng eight-wheeler.

Naapakan niya ang laylayan ng suot niyang mahabang palda at muntik na siya madulas kung hindi lang siya inalalayan ng lalaki. Nahiya tuloy siya nang nakaupo na sa tabi nito. Lalo na kung magkasagian ang mga tingin nila sa front view mirror.

“Hindi ba nanliligaw sa ’yo ang kapatid ko, Nicola?”

“Hindi. Nilandi ko nga siya minsan. Sinabuyan lang ako ng holy water,” kuwento niya sa nangyari noong isang araw.

“What!” hindi makapaniwalang bulalas ni Brad sabay tawa. “Holy water talaga ha?”

Napatawa rin ang dalaga.

“Kaya ba nag-makeover ka dahil nabigo ka kay Isaac?” patuloy ng lalaki.

“Hindi ’noh! Mas nauna ’yong makeover kaysa sa pinaliguan ako ng holy water.”

“Ano ba kasi ang rason kung bakit ka napa-

makeover?”

Napatawa siya bago sumagot. “Gusto ko kasing magka-boyfriend. Twenty-two na ako, ano! Ni hindi man lang ako natsansingan. Ayaw ko rin namang maging inosente forever.

Isang pilyong ngiti ang namutawi sa mga labi ng kausap. “Boyfriend, huh! I can help you with that. Single naman ako. I can teach you a thing or two.”

Natahimik si Nicola. Mukhang mali ang ginamit niyang salita na inosente forever. Naging iba yata ang dating. “Hindi po sex ang ibig kong sabihin, ah.”

“And I did not say that you mean sex. Sinabi ko ba?”

Napahiya siya lalo.

“You look lovely when you blush,” seksing bulong ni Brad sa kanyang tainga.

Bigla siyang nakuryente dahil bahagyang dumampi ang hindi masyadong shaved na baba ng lalaki sa kanyang pisngi. Mabuti at nakita na niya ang likuan papunta sa mga paupahan ni Miss Cua dahil kailangan na niyang makalayo sa isang ito. Hindi na siya makahinga. Itinuro niya ang mga paupahan at hininto naman ng negosyante ang truck.

“Tatawagin ko si Miss Cua. Sandali lang ha,” paalam niya sabay bukas ng pintuan. Papababa sana

siya nang napansing naipit ang palda niya. Hinatak niya pero ayaw niyong maalis.

“Let me help you,” sabi ng negosyante sabay hatak rin sa palda.

Napalaki ang kanyang mga mata nang mapunit ang palda niya hanggang sa taas ng kanyang hita. Sa hiya ay hinablol ni Nicola ang palda at lalong nadisgrasya nang lalong napunit hanggang sa ibaba ng underwear niya.

Napatingin naman ang negosyante sa hita niya at napangiti nang pilyo. “Makinis naman pala, eh!”

Hinatak na ng dalaga kung ano ang mahahatak saka mabilis na bumaba ng truck. Nakasalubong pa niya si Miss Cua.

“Dios mio! Sino’ng gumahasa sa ’yo, Nicola?!” tanong nito nang makita ang punit-punit na palda. “Siya ba?”

Napalingon siya bago nakapasok ng pinto ng opisina at nakitang si Brad Soliven ang itinuturo nito. Mayamaya, narinig niyang sinisinghalan ng amo ang negosyante.

“Ipapabarangay kita! Kalapastangan ang ginawa mo kay Nicola!”

Mabilis niyang kinuha ang shawl sa mesa niya at inilabas ang ulo sa pinto para makausap ang amo.

“Ah, Ma’am, siya po ang may-ari ng *JCR Hardware* at hindi po niya ako ginahasa!”

Parang nasabuyan ng asido ang mukha ni Miss Cua dahil sa hiya. Nang nahimasmasan ay naglambing ito. “Kayo pala, Sir. Hehe, sa guwapo n’yong ’yan ay siguradong hindi n’yo na kailangan pang manggahasa. Kayo ang dapat na ginagahasa.”

Napaawang ang bibig ni Nicola sa narinig. Hindi niya akalain na makapagsasalita nang ganoon ang boss niya. Kumukutitap pa nga ang mga mata nito. Ang sagwa tingnan.

“Okay lang po,” ang sagot ni Brad.

Napabalik siya sa loob ng opisina para tapusin ang ginagawa. Pagkatapos ng ilang minuto ay bumukas ang pinto at nagpaalam sa kanya ang negosyante na aalis na raw. May inabot itong calling card.

“Yong tungkol sa usapan natin kanina, Nicola. Give me a call if you need my expertise,” sabi nito bago kumindat at lumabas ng silid.

Naiwan naman siyang nakaawang ang bibig. Hindi niya alam kung kikiligin o matatakot. Bigla niya tuloy nakalimutan na may pinag-iipunan siyang karamdaman. Ang huli niyang pera ay binili niya ng ukay-ukay na blouses at skinny jeans kaysa ipunin sa pampatingin niya.

CHAPTER *Three*

Pagkatapos malabhan ang damit niya at ng sa kapatid na si Oloy ay pumuwesto na si Nicola sa kanilang maliit na sala para manood ng paborito niyang late night comedy talk show. Eksakto namang noon dumating ang kanyang ama. Pagkakita sa kanya ay agad na umalsa ang dugo nito.

“Lumayo ka nga sa paningin kong Satanas ka!” sigaw nito sa kanya.

Wala naman siyang nagawa kundi ang tumayo at pumunta sa kuwarto. Pinatay na niya agad ang ilaw dahil baka masinghalan uli siya tungkol sa kuryente. Nang nakahiga na ay noon lang niya hinayaang lumuha ang sarili. Naaawa siya sa sarili.

Kinuha niya ang cellphone at tiningnan ang

numero ni Brad doon. Naisip niyang i-text, pero natatakot siya. Itinago na lang niya ang telepono at nag-daydream na hindi pa siya mamamatay at tatanda siya kasama ni Brad at ng mga anak nila. Natulog siyang may malungkot na ngiti sa mga labi. Mukhang sa panaginip lang niya maaatim ang kanyang mga pangarap.

Kinaumagahan ay maaga siyang pumasok kay Miss Cua para makaiwas sa ama at sa masasakit nitong salita. Pero kinahapunan ay dumiretso pa rin siya sa kanilang kapilya dahil baka lahat na lang ay maging kaaway niya kapag walang tumugtog ng organ. Pagdating niya ay agad niyang narinig ang parang may sariling sound system na boses ng kanyang ama. Mukhang may kaaway ito. Pagkalapit ay natuklasan niyang si Mrs. Soliven ang kausap nito.

“Bakit? Nasaan ang court order mo na nagpapatibag ng kapilya namin? Aber?” sigaw ng tatay niya kay Mrs. Soliven na buong tapang na humarap kahit hanggang kili-kili lang ito ng pastor.

Hinanap niya ang anino ni Brad. Nakita niya ito sa likod ng bintana sa barracks ng mga trabahador. Mukhang ayaw lumapit. Nagkasalubong nga ang kanilang mga tingin.

“Huwag mo akong sigaw-sigawan dahil

nagtatalsikan ang laway mo!” sigaw ng ginang sa kanyang ama. “Alam—”

“Ano naman ang problema sa laway ko? Hindi naman dahil sa sardinas na lang palagi ang kinakain ay madumi na ang laway!” Hindi na talaga pinatapos ng ama niya sa pagsasalita ang ginang.

Namula naman siya sa inasal nito. Mukhang wala si Imelda ngayon kaya ito ang naging kaaway ng babae.

Napatingin uli siya sa bintana. Madilim ang mukha ni Brad. Mukhang naiinis din sa ina.

“Tumigil nga kayong mga baliw kayo!” ang sigaw ni Mrs. Soliven. “Lisanin n’yo na ang pagmamay-ari namin para matahimik na kami dito!”

Kahit sawayin niya ang ama ay siguradong hindi rin ito makikinig sa kanya, baka nga sabunin pa siya sa harap ng maraming tao. Kaya pumasok na lang siya sa loob ng kapilya para makapag-ensayo. Hindi na niya pinakinggan ang mga sigawan sa labas. Itinutok na niya ang atensyon sa tinutugtog.

Nang biglang may sumitsit.

Itinaas ni Nicola ang tingin. Sa bintana ay naroon ang isang piyon. Itinaas nito ang isang karton ng pizza. “Galing kay Sir Brad.”

Tumingin siya sa paligid. Lahat ay nasa labas

kaya mabilis niya iyong tinanggap. Libre ito kaya bakit pa siya mag-iinarte? Mabilis namang tumakbo paalis ang trabahador. Mukhang takot din na makita ng mga kasamahan niya at baka makuyog. Nang natapos nga ang sigawan sa labas ay nagpasukan na ang lahat sa loob. Nagplano ang mga ito kung ano ang gagawin kapag may lumapit na trabahador sa kapilya nila.

“Bugbugin n’yo dahil trespassing ’yon!” giit ng kanyang ama. Napailing si Nicola. Gulo itong papasukin nila kung magkataon. Gusto niya mang magsalita pero napipipi siya. Baka pagkaisahan pa siya ng mga kasamahan. Tinutok na lang niya ang sarili sa tinutugtog.

“Kanino ’tong pizza?” tanong ni Diday habang naglalaway sa tingin.

“Akin ’yan,” sabi niya.

“Pakalat-kalat,” anito sabay tapon ng box sa gilid niya.

Hindi na siya nag-react dahil ayaw niya ng gulo. Tahimik na lang niyang inensayo ang mga tutugtugin niya hanggang uwian. Noon naman niya naisipang i-text ang lalaki.

Hi, salamat sa pizza kahit na may rumble kanina!
~ Nicola.

Nag-response naman si Brad. *Bat kasi di ka nag-abot ng boxing gloves kanina? LOL!*

Napatawa siya bago nag-textback. *Para ano? Imbes na sa kaaway iumbag, baka sa mukha ko tumama yun. Imbyerna nga sa akin ang tatay ko.*

Bakit naman?

Magti-textback sana siya pero nakita niyang dumaan ang kotse ng mga Soliven. Hinanap nga niya si Brad pero wala ito. Sa halip, titig ni Mrs. Soliven ang nakasalubong niya, galit na galit ito. Mabilis siyang yumuko dahil baka mabulag siya kung makikipagtitigan siya sa ginang.

Hindi na siya nag-reply sa lalaki dahil baka makasagupa niya ang nanay nito. Hindi niya kaya. Ayaw! Never! Hahanap na lang si Nicola ng iba.

Hindi na rin naman nag-text pa si Brad.

Umuwi na lang siya sa kanila at nagluto. Dumating si Pastora Imelda at hinanap ang kanyang ama para magtanong kung ano ang nangyari kanina sa chapel.

“Hindi ko po alam,” ang kanyang sagot.

Dumating din si Isaac para samahan ang ina nito. Nakiupo ito sa tabi niya para manood ng TV habang nagtsitsismisan ang kanilang mga nanay sa likod-bahay tungkol kay Mrs. Soliven.

“Ano ba ang problema, Nico? Nagbago ka na lang bigla,” tanong ng kababata sa kanya.

Deadma siya sa tanong. Nag-akto siyang hindi ito narinig. At nag-buzz ang cellphone niya. May natanggap siyang load na sanlibong piso. Napakunot siya ng noo. Mayamaya ay tumunog iyon uli. Naroon ang text ni Brad Soliven.

Naisip kong baka wala kang load kaya di ka naka-reply.

“Sino ’yan, Nicola?” Nakadungaw pala si Isaac at nagbabasa ng text niya.

“Wala!” naiinis niyang sagot.

“Siya ba ang dahilan kaya ka nagkakaganyan? May nag-iimpluwensya pala sa ’yo!” Mukhang nabahala ito.

Binigyan niya ito ng masamang tingin bago pumasok sa kuwarto. Narinig niyang dumating ang ama niya at puro mga Soliven ang laman ng bibig nito. Hambog daw ang mag-ina.

Bahala sila! naisip ni Nicola. Natulog siya, at hindi niya namalayan na siya na pala ang pinag-usapan ng lahat. Kinaumagahan ay sermon ng ama ang kanyang naging almusal.

“Sino ’yong kausap mo sa cellphone? Iniimpluwensyahan ka raw! Baka mamaya marinig

ko na lang, lumipat ka na sa maling relihiyon! Kapag nangyari 'yan, hindi ka na makakaapak sa bahay na ito!"

Kinagat na lang ng dalaga ang dila para hindi masagot ang ama, pero hindi niya pinalampas si Isaac kinahapunan.

"Ano'ng kinuwento mo sa tatay ko?" galit na galit niyang tanong. "Ganoon lang eh pinalaki pa!"

"Para lang naman sa kapakanan mo ang ginawa ko," ang sagot ng kaibigan.

Hindi na niya talaga matiis ang sarili. May sakit na nga siya, kinakawawa pa. Dinuro niya si Isaac. "Sa oras na pagtulungan n'yo ako uli, makakakita kayo ng totoong demonyo! Tandaan n'yo 'yan!"

Walang sagot ang kababata. Nabigla sa inasal niya.

Pagkauwi sa bahay ay hinanap niya ang cellphone niya. Pero hindi na niya iyon makita. Pusta niya, kinuha iyon ng ama.

"Akala n'yo maiisahan n'yo ako ha!" sambit niya sabay bukas ng kahon kung saan niya itinago ang isang luma niyang cellphone. Bumili siya pagkatapos ng beinte pesos na sim card at habang nakaupo sa labas ng isang sari-sari store, kinopya niya ang numero ni Brad Soliven sa calling card at tinext ito.

Si Nicola 'to. Baka may mag-text sayo ha! Hindi

ako yon.

Walang sumagot.

Nag-umpisa na namang sumakit ang ulo niya kaya napauwi siya at nahiga sa kanyang higaan.

“Nakahilata ka na naman diyan! Bumangon ka diyan at tumulong sa nanay mo para may silbi ka naman!” sigaw ng ama niya.

Hindi siya bumangon dahil masakit talaga ang kanyang ulo. Isa pa, nagbigay na siya kahapon ng ambag sa pagkain nila kaya hindi siya pabigat.

Noon tumunog ang kanyang cellphone. Number ni Brad.

So you're interested?

Napakunot ang noo niya habang nagti-text.
Interesado sa ano?

Yong pinag-usapan natin sa office ni Miss Cua.

Napatawa si Nicola at may kung anong kapilyahan na pumasok sa kanyang kukote. *Oo bah!* text niya sa lalaki.

Cool! Then see you at the chapel!

Hindi! Bawal doon. Sa bakery na lang.

Ok.

Nakatulog siya nang may ngiti sa mga labi. Naisip din niyang magpapaganda siya kinabukasan.

CHAPTER *Four*

*M*aaga pa lang ay dumating na si Diday sa kapilya kasama ang mga magulang niya. Wala pang katau-tao maliban kay Pastora Imelda na palaging pinakaunang dumating.

“Ano kaya ang nangyayari sa kaibigan mong ’yon, Diday?” tanong ng pastora sa kanya.

“Hay naku! ’Yan nga ang tinatanong ko; kung ano ang nangyayari kay Nicola. Parang nawawala sa sarili palagi. Hindi na nga ako sumasama sa kanya dahil parang nakakahiya siya kung manamit.”

“Oo nga. Parang mabait naman ’yon at disente, pero ngayon ay ibang-iba na,” sabad ng Nanay Linda niya.

“Kausapin mo kasi, Diday,” suhestiyon ng

pastora. “Pinagsasabihan nga raw ng mga magulang pero parang bingi. Ano ba ang problema ng batang ’yon at biglang nagbago?”

Hindi na siya nakasagot dahil dumating na sina Pastor Diosdado at Aling Celeste. Hindi kasama ng mga ito ang panganay. Ang mukha ni Pastor ay hindi maido-drawing ninuman. Mukhang high blood na naman ito.

Nang marami nang tao, dumating din si Nicola. Nakapantalon ito, puting pang-itaas at jacket na itim. Pusta niyang seksi iyong nasa ilalim ng jacket na iyon.

Hindi niya ito pinansin nang umupo sa tapat ng organ at nag-ensayo. Hihintayin niya lang na matapos ang worship service nila ngayon at kakausapin niya ito nang masinsinan.

Doon na sila kumakain ng tanghalian sa kapilya. Bring-your-own baon silang mga magkakapanalig. Sa simpleng worship service ay umaabot sila ng dalawang daan. Kapag may mga special occasions ay siksikan sila sa kapilya dahil inaabot sila ng apat na daan. Nag-aawitan sila ng mga papuri sa Diyos at nagbabahagi ng mga nangyari ng kanila sa nagdaang linggo. Meron din silang healing session kung saan nagtataboy sila ng mga demonyo. Alas tres palagi

natatapos ang kanilang pagsamba.

Kaunti na ang tao nang pinagpasyahan ni Diday na kausapin nang masinsinan si Nicola.

“Oi, girl,” kalabit niya rito. “Seksi ka na naman ngayon. Hindi ka man lang ba nahiya na ministro ang tatay mo, tapos ikaw parang pokpok ka kung manamit?”

Hindi ito sumagot pero nakita niyang sumama ang mukha nito.

“Hindi mo ba alam na ikaw ang pinag-uusapan ng lahat dito? Maayos ka namang babae dati pero ngayon ang sagwa-sagwa mo na.”

“Ang panget ng bunganga mo ha,” matapang na sagot ng dalaga.

“Eh nagsasabi lang ako ng totoo. Masagwa ka naman talagang tingnan. Tingnan mo ’yang suot mong ’yan. Ginagamit mo ang katawan mo para manukso ng mga tao.”

“Masama kang mag-isip, ah. Hindi ba puwedeng naiinitan lang ako?”

Hindi lang pala sa pananamit siya magugulantang, pati na pala sa pananalita ni Nicola. Dati kasi tahimik lang ito kahit ano pa ang gawin dito. Ngayon ay palaban na ang babae. Puwes, hindi siya magpapatalo. Ipapamukha niya rito kung gaano ito

kasagwa.

“Hindi ka naman naiinitan dati sa mga sinusuot mo ah! Tingnan mo, ang hapit-hapit ng pantalon mo. Ang sagwa-sagwa talaga!”

“Inggit ka lang dahil parang sa pata ’yang legs mo,” ang sagot ni Nicola.

Hindi niya napigilan ang sarili at naitulak niya ang kaibigan. Mabuti na lang at hindi ito napatumba. Medyo namihagis lang. Itinayo ni Nicola ang sarili at binigyan siya ng nakakamatay sa tingin bago tumalikod.



Napangiti si Brad habang binabasa ang text ni Nicola. Mukhang makakaswerte pa siya rito ah! Wala naman siyang sabit, kaya bakit hindi niya tutukain?

Kinahapunan nang sumunod na araw ay pumunta siya sa site at naabutan doon ang ina na tumitingin din pala sa construction. Umaandar na naman ang bunganga nito at puro ‘Imelda’ ang nasa dila.

“Naririnig n’yo ba ang mga sigaw-sigaw d’yan tuwing Sabado?” tanong ng ina niya sa mga trabahador. “Talo pa mga baliw!”

“Hayaan n’yo na sila, Ma! Karapatan nila ’yan.

Alam mo namang walang perpektong relihiyon!” saway niya. Baka kasi marinig pa ng ibang mga kasapi at mapagsabihan pa ang nanay niya.

“Orihinal ang relihiyon kong Katoliko,” pagmamayabang ng ina. “Ilang centuries na itong namamayagpag at disente, walang mga kabaliwan.”

Tinikom niya ang bibig. Isa sa pinakaayaw niyang pakinggan ay ang mga debate tungkol sa kung ano ang tunay na relihiyon. Wala iyong patutunguhan at nauwi lang palagi sa laitan at awayan. Sa opinyon niya, isang Diyos lang naman iyon sa iba’t ibang pangalan. Ang importante ay namumuhay kang walang tinatapakang tao.

Nagpaalam siya sa ina at sa mga trabahador saka lumulan sa sasakyan. Alas cinco na at baka nandoon na si Nicola sa panaderya. Pagdating niya, eksaktong bumaba naman sa jeep ang babae. Naka-slacks ito at blouse, may dalang mga folders at mukhang kagagaling lang sa trabaho. Pagkakita sa kotse niya ay napapara uli ito ng jeep. Mukhang biglang nagbago ng isip.

Mabilis siyang bumaba ng kotse at hinablot ang braso nito. “Let’s go!” sabi niya sabay giya rito papasok ng kotse. Mabuti na lang at hindi pumalag, pero mukhang nag-aalinlangan.

“Alam mo, ang sweet mo,” sabi niya kay Nicola. “Alam ba ng tatay mo na sasama ka sa akin ngayon?” Napatanong siya dahil nakakatakot ang hitsura ng tatay nito. Sobrang tangkad na lalaki, bigotilyo pa.

Napatawa ito. “Baka bugbugin lang ako n’on, eh!”

Siya naman ang napatawa.

Nagbiyahe sila at huminto sa parking lot ng isang Japanese restaurant. Dinala niya sa dulong mesa si Nicola at nang komportable na silang nakaupo ay sinimulan na niya ang panglalandi. Inabot niya ang nakatikwas na buhok ng dalaga at inilapit sa tainga nito.

Nahihiyang ngiti naman ang sagot ng babae. Mukhang hindi pa ito nalandi ever kaya hindi pa alam kung paano ang tumugon.

“Ano’ng gusto mong kainin?” tanong niya.

“Kaw na bahala. Kung ano sa ’yo, ’yon din ang akin.”

Siya na ang nag-order para sa kanila. Pagdating ng pagkain, sabay silang napahiyaw dahil amoy pa lang niyon ay masarap na. Nakagugutom ding tingnan ang isang platter ng maki. At mabuti naman at hindi na nahiyang dumampot si Nicola. Ayaw din daw nitong magpasilbi.

Nang kinalaunan ay natuto rin itong magkuwento

ng tungkol sa buhay nito. Hindi niya akalain na bibo din pala ang isang ito kung hahayaan lang ang sarili. Tahimik lang siyang nakinig sa kuwento nito kung paano daw ito umakyat sa bubong ng kapitbahay at magtiktik na parang sa aswang para takutin ang nanay na kumampi sa anak nito na tumulak kay Nicola sa imburnal.

“Muntik nang himatayin!” sabi ng babae sabay tawa. “Pagdating ng asawa n’un ay kumuha ba naman ng itak para katayin daw ang aswang. Mabuti na lang at nakatalon na ako sa bubong namin. Kung hindi ay baka pugot-ulo na ako.”

Tingnan mo nga naman! Ang mala-santa palang si Nicola ay matapang din paminsan-minsan. Pagdating ng dessert ay muli niyang nilandi. Lumipat siya ng upuan. Imbes na sa harap ng babae ay lumipat siya sa gilid nito at inilagay ang braso sa sandalan ng upuan nito.

“Paano naman ako nito makakakain, sinasakal mo na ako,” puna ng babae.

“Inaakbayan kita, hindi sinasakal.”

Itinaas ni Nicola ang kutsarita na may lamang crepe para subuan siya. Binuksan na lang ni Brad ang bibig at tinanggap iyon. Pagkatapos malunok ang crepe ay ninakawan niya ng halik ang pisngi ng

babae. Kinindatan niya ito pagkatapos.

“Tapusin mo na ’yan at alis na tayo,” sabi niya sa dalaga.

Hindi rin maubos ni Nicola ang crepe kaya niyaya na niya ito na umalis na sila. Diniretso na niya sa pad niya ang kotse. Doon naman ay parang hindi mai-drawing ang hitsura ni Nicola. Hindi na niya pinansin.

Hinawakan niya ang kamay nito at iginiya patungo sa elevator. Walang imik na bumuntot ito sa kanya papunta sa pad niya. Pagkasara ng pinto ay dinaklot na niya agad ang bewang at kinuyumos ito ng halik. Namilog ang mga mata ng babae pero hindi nagreklamo o anuman. Mayamaya ay napapikit din si Nicola at hinayaan siyang mangalugad sa bibig nito. Tinuruan niya kung paano makipaglaban ng dila at medyo nahihiya pa. Nang nagkakaroon ito ng lakas ng loob ay noon naman tumunog ang cellphone niya.

“Sandali,” sabi niya sabay dampi sa mabilis na halik sa bibig nito. Baka kasi kliyente ang tumatawag. Sayang naman.

“Brad, anak, may dala akong paella dito, your favorite!” Ang ina niya ang nasa kabilang linya.

“Huwag ka nang mag-abala!” sagot niya. Ibaba

niya na sana nang nagsalita uli ito.

“Nandito na ako sa labas ng pintuan mo.”

Patay! Parang manikang binuhat niya si Nicola papasok ng kuwarto at itinago sa loob ng cabinet ng mga damit.

“Huwag kang mag-ingay kahit ano’ng mangyari! Nandiyan ang gwardiya sibil!”

Sinara niya ang cabinet at paglabas ng sala ay naabutan niyang nakapasok na ang ina sa bahay. Hindi niya pala na-lock ang pinto.

“Dinalhan kita dahil alam kong paborito mo ’to, anak.” Kumuha ng pinggan ang ina sa pantry at doon isinalin ang paella. Inilagay din nito sa isa pang plato ang ekstrang nilagang itlog dahil alam nitong gusto niya iyon sa paella.

“Dinaanan na ba ni Cacai ang mga labahan mo?” tanong ng ina niya habang papasok sa kanyang kuwarto.

“Nakuha na, Ma!” bulalas niya sabay sarado ng pinto ng silid. Naiinis siya kapag tinatrato siya nitong parang bata.

“Titingnan ko lang kung nilinis mo ’yung kuwarto mo,” sabi ng matanda.

“Oo naman! At hindi nakakamatay ang dumi kaya hayaan mo na ang kuwarto ko.”

Tumaas ang kilay ng ina. “Ayaw mapagsabihan! Siya, kung ayaw mong makinig sa mga sasabihin ko, ihatid mo na ako sa bahay. Sumakay lang ako ng taxi galing sa party ni Biday. Umuwi si Kardo sa Bulacan.”

“Okay. Mauna ka doon sa kotse. Magpapalit lang ako ng damit. Nabasa kasi ng pawis.”

“Okay siya. Magpalit ka at baka ka sipunin.” Mabuti at dumiretso na agad ang ina palabas ng bahay.

Bakit ba kasi wrong timing ang isang ito? Bumalik siya sa kuwarto at binuksan ang aparador at nakita si Nicola na napakatahimik at napakaganda habang nakasiksik sa mga damit niya. Hinablot niya ito at muling kiniyumos ng halik.

“Babe, babalik ako. Ihahatid ko lang si Mommy. Babalik naman ako agad.”

Wala itong sagot. Hinalikan niya sa noo bago kumaripas ng takbo pababa ng parking kung saan imbyerna na sa paghihintay ang nanay niya. Nakataas na ang kilay nito.

“Kung magbihis, parang dalaga. Ang tagal!” inis na inis na anito.